

The Wind Did Never Cease to Blow

By Elder Aroldo B. Cavalcante
Of the Seventy

Ang Hangin ay Hindi Tumigil sa Pag-ihip

Ni Elder Aroldo B. Cavalcante
Ng Pitumpu

October 2024 general conference

We can help others progress in their journey to receive God's blessings.

In 2015, in the state of Pernambuco, Brazil, 62 members of the J. Reuben Clark Law Society cooperated with the state Prosecutor's Office in investigating the legal challenges of residents in four different nursing homes. For five hours one Saturday, these attorneys interviewed over 200 residents one by one, each of whom had been functionally forgotten by society.

During their interviews, they discovered several crimes that had been committed against the elderly residents, such as abandonment, mistreatment, and misappropriation of funds. A key pillar of this law society is to care for the poor and in need. Just two months later, the prosecutor successfully filed charges against the responsible parties.

Their assistance is a perfect example of King Benjamin's teaching "that when ye are in the service of your fellow beings ye are only in the service of your God."

One resident I personally interviewed during the pro bono project was a kindhearted 93-year-old woman named Lúcia. Grateful for our service, she jokingly exclaimed, "Marry me!"

Surprised, I responded: "Look over there at that beautiful young woman! She is my wife and

Matutulungan natin ang iba na sumulong sa kanilang paglalakbay upang matanggap ang mga pagpapala ng Diyos.

Noong 2015, sa estado ng Pernambuco, Brazil, nakipagtulungan ang 62 miyembro ng J. Reuben Clark Law Society sa Prosecutor's Office ng estado sa pag-iimbestiga sa mga legal na problema ng mga residente sa apat na magkakaibang nursing home. Isang Sabado, sa loob ng limang oras, isa-isa na ininterbyu ng mga abogado ito ang mahigit 200 residente, na ang bawat isa sa kanila ay nakalimutan at napabayaang na ng lipunan.

Sa kanilang mga interbyu, natuklasan nila ang ilang krimen na ginawa laban sa matatandang residente tulad ng pag-abandona, pag-maltrato, at paglustay ng mga pondo. Ang isang mahalagang layunin ng kapisanan ng mga abogado na ito ay pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan. Makalipas lamang ang dalawang buwan, matagumpay na nakapagsampa ng kaso ang piskal laban sa mga responsableng partido.

Ang kanilang pagtulong ay isang perpektong halimbawa ng turo ni Haring Benjamin "na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."

Ang isang residente na personal kong ininterbyu sa pro bono na proyekto na ito ay isang mabait na 93 taong gulang na babaeng nagngangalang Lúcia. Nagpapasalamat para sa aming serbisyo, pabiro niyang isinigaw, "Pakasalan mo ako!"

Nagulat, sumagot ako: "Tumingin po kayo sa maganda at bata pang babae roon! Siya po ang

the state prosecutor.”

She quickly fired back: “So what? She is young, pretty, and can easily get married again. All I have is you!”

The wonderful residents did not have all their problems solved that day. They undoubtedly continued to experience hardship from time to time like the Jaredites in their boats on the challenging journey to the promised land, “buried in the depths of the sea, because of the mountain waves which broke upon them.”

But that Saturday, the nursing home residents knew that regardless of their earthly anonymity, they were known personally by a loving Heavenly Father, One who responds to even the simplest of prayers.

The Master of masters caused “a furious wind” to blow the Jaredites toward promised blessings. Similarly, we can decide to serve as a humble gust of wind in the Lord’s hands. Just as “the wind did never cease to blow” the Jaredites toward the promised land, we can help others progress in their journey to receive God’s blessings.

Several years ago, when Chris, my dear wife, and I were interviewed for my calling as bishop, our stake president asked me to prayerfully consider names to recommend as counselors. After hearing the names I recommended, he said I should know a few things about one of the brethren.

First, this brother could not read. Second, he didn’t have a car he could use to visit members. Third, he always—always—used sunglasses at church. Despite the president’s honest concerns, I felt strongly that I should still recommend him as my counselor, and the stake president supported me.

The Sunday my counselors and I were sustained in sacrament meeting, the surprise on the members’ faces was evident. This dear brother slowly made his way up to the stand, where the overhead lights reflected brightly across his sunglasses.

aking asawa at ang piskal ng estado.”

Mabilis siyang sumagot: “Eh, ano ngayon? Siya ay bata pa, maganda, at madaling makapag-aasawa muli. Ikaw lang ang nasa akin!”

Hindilangatng mga problema ng mababait na residente ay nalutas noong araw na iyon. Walang alinlangang patuloy silang nakaranas ng paghihirap sa pana-panahon tulad ng mga Jaredita sa kanilang mga gabara sa mahirap na paglalakbay papunta sa lupang pangako, “nalibing sa kailaliman ng dagat, dahil sa mga malabundok na along humahampas sa kanila.”

Pero noong Sabadong iyon, alam ng mga residente ng nursing home na nakalimutan man sila ng lipunan, personal silang kilala ng isang mapagmahal na Ama sa Langit, Siya na tumutugon maging sa mga pinakasimpleng panalangin.

Pinangyari ng Panginoon ng mga panginoon na umihip ang “malakas na hangin” sa mga Jaredita papunta sa mga ipinangakong pagpapala. Gayundin, maaari tayong magpasiyana magsilbing mapagpakumbabang ihip ng hangin sa mga kamay ng Panginoon. Tulad ng “ang hangin ay hindi tumigil sa pag-ihip” sa mga Jaredita papunta sa lupang pangako, maaari nating tulungan ang iba na sumulong sa kanilang paglalakbay upang matanggap ang mga pagpapala ng Diyos.

Ilang taon na ang nakalilipas, nang interbyuhin kami ng aking minamahal na asawang si Chris para sa aking katungkulan bilang bishop, hiniling sa akin ng aming stake president na mapanalangin mag-isip ng mga pangalan na irerekomenda bilang mga tagapayo. Matapos marinig ang mga pangalang inirekomenda ko, sabi niya ay may ilang bagay akong kailangang malaman tungkol sa isa sa mga brother.

Una, ang brother na ito ay hindi nakakabasa. Pangalawa, siya ay walang sasakyan na maaaring gamitin upang mabisita ang mga miyembro. Pangatlo, siya ay palaging—palaging—gumagamit ng sunglasses sa simbahan. Sa kabila ng taos-pusong pag-aalala ng stake president, malakas ang pakiramdam ko na kailangan ko pa rin siyang irekomenda bilang aking tagapayo, at sinuportahan ako ng stake president.

Noong araw ng Linggo na sinang-ayunan ako at ang aking mga tagapayo sa sacrament meeting, bakas ang gulat sa mga mukha ng mga miyembro. Ang minamahal na brother na ito ay dahan-dahang naglakad paakyat sa harapan, kung saan ang ilaw sa itaas ay maliwanag na tumatama sa kanyang sunglasses.

As he sat by my side, I asked him, “Brother, do you have problems with your vision?”

“No,” he said.

“Then why do you use sunglasses at church?” I asked. “My friend, the members need to see your eyes, and you must be able to see them better too.”

In that moment, he took off his sunglasses and never used them at church again.

This beloved brother served at my side until my release as bishop. Today, he continues to serve faithfully in the Church and is an example of dedication and commitment to the Lord Jesus Christ. And yet, years ago, he was an unknown sunglass-wearer sitting essentially forgotten in the pews of the chapel. I often wonder, “How many faithful brothers and sisters sit forgotten among us today?”

Whether we are well-known or forgotten, trials will inevitably come to each one of us. As we turn to the Savior, He can “consecrate [our] afflictions for [our] gain” and help us respond to our trials in a way that facilitates our spiritual progression. Whether for nursing home residents, a misjudged Church member, or anyone else, we can be “the wind [that] did never cease to blow,” bringing hope and guiding others to the covenant path.

Our beloved prophet, President Russell M. Nelson, made an exciting and inspiring invitation to the youth: “I reaffirm strongly that the Lord has asked every worthy, able young man to prepare for and serve a mission. For Latter-day Saint young men, missionary service is a priesthood responsibility. ... For you young and able sisters, a mission is also a powerful, but optional, opportunity.”

Every day, thousands of young men and women answer the Lord’s prophetic call by serving as missionaries. You are brilliant, and as President Nelson has said, you can “have more

Nang umupo siya sa aking tabi, tinanong ko siya, “Brother, may problema ba sa iyong paningin?”

“Wala,” sabi niya.

“Kung gayon, bakit ka nagsusuot ng sunglasses sa simbahan?” tanong ko. “Aking kailangan, kailangang makita ng mga miyembro ang iyong mga mata, at kailangan mo rin silang makita nang mas maigi.”

Sa sandaling iyon, tinanggal niya ang kanyang sunglasses at hindi na niya ito isinuot muli sa simbahan.

Ang minamahal na brother na ito ay naglingkod sa aking tabi hanggang sa pag-release sa akin bilang bishop. Ngayon, siya ay patuloy na matapat na naglilingkod sa Simbahan at isang halimbawa ng dedikasyon at katapatan sa Panginoong Jesucristo. Ngunit, ilang taon bago iyon, siya ay isang hindi kilala na nakasuot ng sunglasses na nakaupo at nakalimutan sa mga bangko ng chapel. Madalas akong mapaisip, “Ilang matatapat na brother at sister na kasama natin ang nakakalimutan ngayon?”

Tayo man ay kilala o nakalimutan, hindi maiiwasang dumating ang mga pagsubok sa bawat isa sa atin. Kapag bumaling tayo sa Tagapagligtas, magagawa Niyang “[ilaan] ang [ating] mga paghihirap para sa [ating] kapakinabangan” at matutulungan tayong tumugon sa ating mga pagsubok sa isang paraang nakakatulong sa ating espirituwal na pag-unlad. Ito man ay para sa mga nasa nursing home, sa isang miyembro ng Simbahan na nahusgahan nang mali, o sa sinuman, maaari tayong maging “hangin [na] hindi [tumitigil] sa pag-ihip,” naghahatid ng pag-asa at gumagabay sa iba papunta sa landas ng tipan.

Ang ating minamahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson ay gumawa ng isang nakasasabik at nagbibigay-inspirasyon na paanyaya sa mga kabataan: “Muli kong pinagtibay nang husto na hinihiling ng Panginoon sa bawatkarapat-dapat at may kakayahang binatilyo na maghanda para sa at maglingkod sa misyon. Para sa mga lalaking Banal sa mga Huling Araw, ang paglilingkod sa misyon ay isang responsibilidad ng priesthood. ... Para sa inyo na bata pa at may kakayahang mga sister, ang misyon ay isa ring maganda, ngunitopsyonal, na oportunidad.”

Araw-araw, libu-libong kabataang lalaki at babae ang tumutugon sa tawag ng propeta ng Panginoon sa pamamagitan ng paglilingkod bilang mga missionary. Mahuhusay kayo, at tulad

impact on the world than any previous generation!”Of course, that does not mean you will be the best version of yourself the moment you step foot in the missionary training center.

Instead, you might feel like Nephi, “led by the Spirit, not knowing beforehand the things which [you] should do. Nevertheless [you] went forth.”

Perhaps you feel insecure like Jeremiah did and want to say, “I cannot speak: for I am a child.”

You might even see your personal shortcomings and want to cry out like Moses did: “O my Lord, I am not eloquent ... : but I am slow of speech, and of a slow tongue.”

If any of you beloved and mighty young men and women is having a thought like this right now, remember that the Lord has answered, “Say not, I am a child: for thou shalt go to all that I shall send thee.”And He promises, “Therefore go, and I will be with thy mouth, and teach thee what thou shalt say.”

Your transformation from your natural to spiritual self will occur “line upon line, precept upon precept” as you earnestly strive to serve Jesus Christ in the mission field through daily repentance, faith, exact obedience, and hard work to “find constantly, teach repentance, and baptize converts.”

Though you wear a name tag, sometimes you may feel unrecognized or forgotten. However, you must know that you have a perfect Heavenly Father, who knows you personally, and a Savior, who loves you. You will have mission leaders who, despite their imperfections, will serve you as “the wind [that] did never cease to blow” in guiding you along your journey of personal conversion.

In the “land that floweth with milk and honey” you will serve in on your mission, you will be

ng sinabi ni Pangulong Nelson, maaari kayong “[mas] magkaroon ng epekto sa mundo kaysa naunang mga henerasyon!” Siyempre, hindi iyon nangangahulugan na kayo ay magiging pinakamahusay na bersyon ng inyong mga sarilisa sandaling tumapak kayo sa missionary training center.

Sa halip, maaari ninyong madama ang nada-ma ni Nephi, “pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat [ninyong] gawin. Gayunman, [kayo] ay yumaon.”

Marahil kayo ay nakadarama ng kakulangan sa inyong mga sarili tulad ni Jeremias at nais ninyong sabihing, “Hindi ako marunong magsalita, sapagkat ako’y kabataan pa.”

Maaaring makita pa ninyo ang inyong mga personal na kakulangan at naisin ninyong magsumamo tulad ni Moises: “O Panginoon, ako’y hindi mahusay magsalita ... : sapagkat ako’y makupad sa pananalita at umid ang dila.”

Kung sinuman sa inyo na minamahal at mahusay na kabataang lalaki at babae ang nag-iisip ng ganito ngayon, alalahaning sumagot ang Panginoon, “Huwag mong sabihin, ‘Ako’y isang kabataan;’ sapagkat saanman kita suguin ay paroroon ka.” At Kanyang ipinangako, “Ngayon nga’y yumaon ka, at ako’y sasaiyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain.”

Ang inyong pagbabago mula sa inyong pagiging likas na tao tungo sa pagiging espirituwalay mangyayari “[nang] taludtod sa taludtod, [nang] tuntunin sa tuntunin” habang taimtim kayong nagsisikap na maglingkod kay Jesucristo sa mission field sa pamamagitan ng araw-araw na pagsisisi, pananampalataya, tiyak na pagsunod, at kasigasiganna “palaging maghanap, magturo ng pagsisisi, at magbinyag ng mga nagbalik-loob.”

Bagama’t nakasuot kayo ng name tag, maaaring madama ninyo na kayo ay hindi kilala o nakalimutan kung minsan. Gayunman, dapat ninyong malaman na mayroon kayong isang perpektong Ama sa Langit na kilala kayo nang personal, at isang Tagapagligtas na nagmamahal sa inyo. Magkakaroon kayo ng mga lider sa misyon na, sa kabila ng kanilang hindi pagiging perpekto, ay maglilingkod sa inyo bilang “hangin [na] hindi [tumitigil] sa pag-ihip” sa paggabay sa inyo sa inyong paglalakbay tungo sa personal na pagbabalik-loob.

Sa “lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot” kung saan kayo maglilingkod sa inyong

spiritually reborn and become a lifelong disciple of Jesus Christ as you draw near to Him. You can come to know that you are never forgotten.

Though some may wait “a long time” for relief, for they “have no man” that can yet help, the Lord Jesus Christ has taught us that no one is ever forgotten by Him. On the contrary, He was a perfect example of seeking out the one in every moment of His mortal ministry.

Each of us—and those around us—faces our own storms of opposition and waves of trials that submerge us daily. But “the wind [will not] cease to blow towards the promised land ... ; and thus [we shall be] driven forth before the wind.”

Each of us can be a part of this wind—the same wind that blessed the Jaredites in their journey and the same wind that, with our help, will bless the unrecognized and forgotten to reach their own promised lands.

I testify that Jesus Christ is our Advocate with the Father. He is a living God and acts as a strong wind that will always guide us along the covenant path. In the name of Jesus Christ, amen.

misyon, kayo ay espirituwal na isisilang na muli at magiging disipulo ni Jesucristo habambuhay habang lumalapit kayo sa Kanya. Malalaman ninyo na hindi kayo kailanman nakalimutan.

Bagama’t maaaring ang ilan ay maghintay nang “matagal” para sa kaginhawaan, sapagka’t “walang taong” maaaring makatulong sa kanila, itinuro sa atin ng Panginoong Jesucristo na walang sinuman ang nakalimutan Niya. Kabaligtaran nito, Siya ay isang perpektong halimbawa ng paghahanap sa isa sa bawat sandali ng Kanyang mortal na ministryo.

Ang bawat isa sa atin—at ang mga taong nakapaligid sa atin—ay nahaharap sa ating sariling mga unos ng oposisyon at mga alon ng mga pagsubok na naglulubog sa atin araw-araw. Ngunit “ang hangin ay hindi [titigil] sa pag-ihip patungo sa lupang pangako ... ; at sa gayon [tayo ay itataboy] ng hangin.”

Ang bawat isa sa atin ay maaaring maging bahagi ng hangin na ito—ang parehong hangin na nagbigay-pagpapala sa mga Jaredita sa kanilang paglalakbay at ang parehong hangin na, sa ating tulong, ay magbibigay-pagpapala sa hindi kilala at nakalimutan upang makarating sa kanilang sariling mga lupang pangako.

Pinatotohanan ko na si Jesucristo ang ating Tagapamagitan sa Ama. Siya ay isang buhay na Diyos at kumikilos bilang isang malakas na hangin na palaging gagabay sa atin sa landas ng tipan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.